



# PATNUBAY SA MISA



24 Agosto 2014

Ika-21 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taong A

## KAISA NG SIMBAHAN, KAISA NG KABATAAN

**N**gayong ika-21 Linggo sa Karaniwang Panahon, inaanyayahang tayo ng Panginoong magnilay sa misteryo ng Simbahan at kanyang pamumuno bilang mga kasangkapan ng plano ng Diyos para sa pagpapalaganap ng Kaharian. Pinasasalamat natin ang Panginoon sa paghirang Niya sa atin upang maging bahagi ng Kanyang bagong Bayan. Sa gayo'y malalaspap natin ang mga biyaya ng Kanyang Salita, ang biyaya ng mga Sakramento, at ang di maaaring magkamaling pamamatnubay ng ating mga pinuno sa Simbahan sa mga usaping pandoktrina at moral.

Sa pakikiisa natin sa buong Simbahan, ating itinutuon ang magiliw na pag-aalaala sa Santo Papa, ang kahalili ng apostol na si Pedro at ang Kinatawan ni Hesukristo sa lupa. Sa pakikiisa sa kanya at lahat ng ibang mananampalataya, ialay natin ang Eukaristiyang ito para sa mga pangangailangan ng sangkatauhan.



### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Sa aking abang dalangin, D'yos ko, ako'y iyong dinggin. Ang pag-samo ko't pagdaing ay mangyaring iyong dinggin. Kaligtasa'y aking hiling.**

#### Pagbati

**P** –Pagpalain ang Panginoong Hesukristong nagtatag sa Simbahan sa bato ng pananampalataya ni Pedro. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!  
**B** – At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P** –Natitipon upang mag-alay ng Eukaristiya at tanggapin ang Tinapay ng Buhay, tayo'y muling magnilay sa ating pagiging di karapat-dapat at pangangailangang mahugasan sa ating pagkakasala. (Manahimik saglit.)

**P** –Ikaw si Kristo, ang Anak ng Diyos na Buhay! Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** – Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Itinatag mo ang iyong Simbahan para maging sakramento ng kaligtasan sa lahat ng panahon. Kristo, kaawaan mo kami!

**B** – Kristo, kaawaan mo kami!

**P** –Inihabilin mo kay Pedro ang mga susi ng Kaharian ng langit. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** – Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B** – Amen!

#### Papuri

**B** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bug-

tong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

#### Panalangin Pambungad

**P** –Ama naming makapangyarihan, ginagawa mong kami'y magkaisa ng kalooban. Ipagkaloob mong ang iyong mga utos ay aming mahalin, ang iyong mga pangako ay hangarin naming tanggapin, upang sa anumang pagbabago sa paligid namin manatiling matatag ang aming loobin sa tunay na kasiyahang matatagpuan sa iyong piling sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B** – Amen!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa** Isa 22:19-23

*Sa Matandang Panahon, ang pagbibigay ng mga susi ng isang tahanan ay nangangahulugan ng pagbibigay ng kapangyarihang mamahala sa gayong tirahan. Ang "pangako ng mga susi" sa sipi para ngayon ay nagbabadya ng higit na mahalagang pangako ni Hesus kay Pedro tungkol sa "mga susi ng Kaharian ng langit."*

**L**—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Sinabi ng Panginoon kay Sabnang katiwala sa palasyo: "Aalisin kita sa iyong katungkulan, at palalasyon sa iyong kinalalagyan.

Tatawagin ko sa araw na iyon ang aking lingkod, si Eliaquim na anak ni Helcias. Siya ang pagsusuutin ko ng iyong buong kasuutan, ibibigay ko sa kanya ang iyong kapangyarihan, siya ang magiging pinakaama ng Jerusalem at ng Juda. Ibibigay ko sa kanya ang susi ng bahay ni David; ang kanyang buksa'y walang makapagsasara, at walang makapagbubukas ng ipininid niya. Itatayo ko siyang parang haligi ng tolda, itatayo ko nang matibay sa isang matatag na lugar, at siya'y magiging marangal na luklukan, para sa sambahayan ng kanyang ama."

Ang Salita ng Diyos!  
**B**—Salamat sa Diyos!

**Salmong Tugunan** Awit 137

**B**—Pag-ibig mo'y di kukupas, gawain mo'y magaganap!

R. M. Velez



\* **Ako, Poon, buong pusong aawit ng pasalamat, sa harap ng mga anghel, pupurihin kitang ganap. Sa harap ng iyong templo ay yuyuko at gagalang, pupurihin kita roon, pupurihin ang 'yong ngalan. B.**

\* **Dahilan sa pag-ibig mo at sa**

iyong katapatan, ikaw'y tunay na dakila, pati iyong kautusan. Noong ako ay tumawag, tinanggap ko ang tugon mo, sa lakas mong itinulong ay lumakas agad ako. **B.**

\* **Dakila man ang Poong D'yos, mahal din niya ang mahirap, kumubli ma'y kita niya yaong hambog at pasikat. Ang dahilan nito, Poon, pag-ibig mo'y di kukupas, at ang mga sinimulang gawain mo'y magaganap. B.**

**Ikalawang Pagbasa** Ro 11:33-36

*Matapos niyang pagnilayan ang panlahat na mapagligtas na pag-ibig ng Diyos, nagpugay si San Pablo sa Diyos sa isang magandang imno ng papuring dapat nating tularan.*

**L**—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Napakasagana ng kayamanan ng Diyos! Di matarok ang kayamanan, karunungan at kaalaman ng Diyos! Hindi malirip ang kanyang mga panukala at pamamaraan! Gaya ng nasusulat: "Sapagkat sino ang nakaalam sa pag-iisip ng Panginoon, o sino ang naging tagapayo niya? Sino ang nakapagkaloob ng anuman sa Diyos para siya nama'y gantimpalaan?"

Sapagkat mula sa kanya at sa pamamagitan niya at sa kanya ang lahat ng bagay. Sa kanya ang karangalan magpakailanman! Amen!

Ang Salita ng Diyos!  
**B**—Salamat sa Diyos!

**Aleluya** Mt 16:18

**B**—Aleluya! Aleluya!  
Ikaw, Pedro, ang saligan ng aking simbahang banal na daig ang kamatayan.  
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** Mt 16:13-20

*Ang pagpapahayag ni Pedrong si Hesus ang ipinangakong Mesiyas at Anak ng Diyos na Buhay ay nagdulot kay Hesus ng pagkakataong ipahayag naman ang kanyang plano tungkol sa Simbahan at ang pambihirang pangunahing papel dito ni Pedro. Ang sipi ngayon ay siyang saligan ng ating paniwalang ang Simbahan ang bagong "Bayan ng Diyos," na tatagal hanggang sa wakas ng panahon sa ilalim ng pamamahala ng mga kahalili ni Pedro.*

**P**—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

**B**—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, dumating si Hesus sa lupain ng Cesarea ng Filipos. Tinanong niya ang kanyang mga alagad, "Sino raw ang Anak ng Tao, ayon sa mga tao?" At sumagot sila, "Ang sabi po ng ilan ay si Juan Bautista kayo. Sabi naman ng iba, si Elias kayo. At may nagsasabi pang si Jeremias kayo o isa sa mga propeta."

"Kayo naman, ano ang sabi ninyo? Sino ako?" tanong niya sa kanila. Sumagot si Simon Pedro, "Kayo po ang Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay."

Sinabi sa kanya ni Hesus, "Malpalad ka, Simon na anak ni Jonas! Sapagkat ang katotohanang ito'y hindi inihayag sa iyo ng sinumang tao kundi ng aking Amang nasa langit. At sinasabi ko naman sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking simbahan, at hindi makapananaig sa kanya kahit ang kapangyarihan ng kamatayan. Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: ang ipagbawal mo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at ang ipahintulot mo sa lupa ay ipahihintulot sa langit."

At mahigpit niyang tinagubilinan ang kanyang mga alagad na huwag sabihin kaninuman na siya ang Kristo.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B**—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

**Homiliya**

**Sumasampalataya**

**B**—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at

nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### **Panalangin ng Bayan**

**P** –Sa Ebanghelyo ngayon, pinaaalalahanan tayo tungkol sa panahong itatagal ng Simbahan at sa kakayahan nitong manindigan laban sa walang puknat na pang-aatake rito ng demonyo. Bilang mga anak ng Simbahan, tayo’y dumulog sa Panginoon para sa mga pangangailangan nito bilang pamilya ng Diyos sa lupa. Manalangin tayo:

**B** –**Panginoon, dinggin ang aming panalangin!**

\* Para sa Simbahan, ang bagong Bayan ng Diyos: Nawa magpunyagi siya sa katapatan sa kanyang Tagapagtatag habang sinusubaybayan siya nang buong malasakit, lakas, at pagmamahal. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa Santo Papa, ang kahalili ni Pedro bilang pinaka-Pastol ng Simbahan: Nawa patuloy niyang malasap ang pamamatnubay ng Panginoon at ang kanyang pagtatanggol laban sa kasamaan. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga Obispo, ating kura paroko, at lahat ng iba pang pinuno ng Simbahan: Nawa patnubayan nila ang kawan ng Diyos sa ulirang katapatan sa Dakilang Pinuno upang maging inspirasyon at pampasigla sa atin. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa ating mga pinunong pambayan at mga nanunungkulan: Nawa itaguyod nila ang kapakanan ng mga tao sa pamamagitan ng makatarungang mga batas. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa kabataan ng daigdig, lalo na para sa mga nagdarahop sa mga materiyal at moral na pangangailangan: Nawa ang Simbahan ay maging patnubay nila at tagapagsulong ng kanilang kapakanan. Manalangin tayo! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating sari-sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P** –Panginoong Hesus, salamat sa paghirang mo sa aming maging bahagi ng Simbahang itinatag mo sa matibay na bato ng pananalig ni Pedro. Ingatan mo kami sa paglilingkod sa iyo hanggang makasama namin ang iba pang tao sa kaluwalhatian ng langit upang purihin at sambahin ka magpakailanman!

**B** –**Amen!**



**P** –Manalangin kayo . . .

**B** –**Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### **Panalangin ukol sa mga Alay**

**P** –Ama naming Lumikha, pinagkamit mo kami ng iyong pagkukupkop pakundangan sa isang pampalagiang paghahandog kaya’t sa iyong Sambayanan ay iyong ipagkaloob ang pagkakaisa at kapayapaang nagbubuklod bunga ng aming mga alay na iyong ikinalulugod sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B** –**Amen!**

### **Prepasyo VII**

**P** –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagama’t di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Niloob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami’y tunghayan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha’t ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na

nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B** –**Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### **Pagbubunyi**

**B** –**Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**



**B** –**Ama namin . . .**

**P** –**Hinihiling namin . . .**

**B** –**Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### **Paanyaya sa Kapayapaan**

#### **Paghahati-hati sa Tinapay**

**B** –**Kordero ng Diyos . . .**

#### **Paanyaya sa Pakikinaabang**

**P** –Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B** –**Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

#### **Antipona ng Pakikinaabang**

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

**Ang halaman ay namunga at may pagkaing nakuha, ubas na dulot ay sigla, pawang bigay ng D’yos Ama upang tayo’y lumigaya.**

#### **Panalangin Pagkapakinabang**

**P** –Ama naming mapagmahal, lubusin mo sa amin ang kagalingang bigay ng iyong pag-ibig na ngayo’y ipinagdiriwang at kami nawa’y magkaroon ng ganap na kaunlaran upang sa lahat ng aming pinagkakaabalahan ikaw ay aming mabigyang-kasiyahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B** –**Amen!**



## PAGWAWAKAS



*P* – Sumainyo ang Panginoon.  
*B* – At sumaiyo rin!

*P* – Magsiyuko kayo at ipanalan-  
gin ang pagpapala ng Diyos.  
(*Manahimik saglit.*)  
Tulutan nawa ng Panginoong  
maging sintibay ng pananalig

ni Pedro ang inyong pananalig.  
*B* – Amen!

*P* – Gawin Niya nawa kayong mga  
tapat na anak ng Simbahan at  
mga tapat na alagad ng Santo  
Papa.

*B* – Amen!

*P* – Pagkalooban Niya nawa  
kayo ng kasiyahan sa inyong  
dalamhati at gawin kayong  
mga kasangkapan ng Kan-

yang pagmamahal.

*B* – Amen!

*P* – Pagpalain nawa kayo ng  
makapangyarihang Diyos:  
Ama, Anak, at Espiritu Santo.

*B* – Amen!

*P* – Humayo kayo sa kapayapaan  
upang mahalín at paglingkuran  
ang Panginoon.

*B* – **Salamat sa Diyos!**

## HINIRANG NA MAGING MATIBAY NA BATO

**W**alang anumang ginawa si Simon upang  
pag-ukulan ni Hesus ng pansin at na-  
tatanging pakikitungo. Ipinaubaya lamang  
niya ang kanyang bangka para magamit ng Panginoon,  
at sumunod na ilatag niyang muli ang kanyang lambat  
nang mataas na ang araw – bagay na alangan para  
makapamingwit pa. (*Sangguniin Lu 5:4f.*) **Ngunit mi-  
nahal siya ni Hesus nang gayon na lamang.**

**Si Simon ay isang hamak na mamalakayang di  
man nakapag-aral. Batid niya ang kanyang mga  
kahinaan at pagkukulang.** (*Sangguniin Lu 5:8.*) Ngunit  
nang sumapit ang oras ng pagpapahayag ng opinyon  
tungkol kay Hesus, **nagpamalas siya ng pambihirang  
talas** na nakadaig sa lahat. Wala siyang alinlangang  
nagpahayag: **Si Hesus “ang Mesiyas, ang Anak ng  
Diyos na Buhay”** (*Mt 16:16*).

Ang mga aral at dalubhasa ay may kani-kanilang  
palagay tungkol kay Kristo. Lyon ay pawang pala-  
palagay lamang at di sapat. Ngunit ang matibay na  
pananampalataya ni Simon ay nakaugat sa ibang uri ng  
kaalaman: banal na pagpapahayag. **Diyos mismo ang  
nagkaloob sa kanya ng gayong katiyakan.** Kaya nga,  
nagwika si Hesus: “Mapalad ka, Simon . . . sapagkat  
ang katotohanang ito’y hindi inihayag sa iyo ng sinumang  
tao kundi ng aking Amang nasa langit” (*Mt 16:17*).

**Si Simon ay minahal ngang tunay ng Ama.**  
Kilalang-kilala siya ng Diyos: ang kanyang kahinaan, ga-  
yundin ang kanyang pagiging bukas-palad at katapatan.  
May plano ang Diyos para sa kanya. Ang nagpabigkas sa  
kanya ng tamang sagot ang gagabay sa kanya kailanma’t  
kailangan para sa kabutihan ng Kanyang Simbahan.

Mahihigant pa ni Pedro nang 30 taon ang kanyang  
Panginoon; ngunit **ang misyon ng pagiging “bato” at  
patnubay ay tatagal hanggang sa wakas ng panahon.**  
Magpapatuloy ito sa kanyang mga kahalili, anuman ang  
kanilang halagang pansarili, may iba’t iba mang pangala-  
lan, ngunit **laging taglay ang parehong ugat at ngalang**

“**Pedro/Bato.**” Sa bawat isa sa kanila, ipinagkaloob  
ni Hesus ang kapangyarihang magpatawad at lakas at  
karunungan mamatnubay sa bangka ng Simbahan.  
Sa panggigiyagis ng demonyo, **ang Simbahang ito  
ay magtatagumpay tuwina sa mga bagyo, yamang  
ito’y ginagabayan ng Diyos sa pamamagitan ng mga  
kasunod ni Pedro.**

Bilang mga kaanib ng Simbahang Katolika na itina-  
tag ni Hesus, tayo ay marapat na magpasalamat, higit  
sa lahat, sa Panginoon sa pagbibigay sa atin ng isang  
nakikita nating pinunong gagabay sa atin sa bisa ng  
kapangyarihang buhat kay Kristo. Di ito hamak lamang, at  
sa napakaraming di magkamayaw na tinig ng kalituhan,  
**sukat lamang na pakinggan natin ang tinig ng kahalili  
ni Pedro at sumunod dito, yamang alam nating ang  
Panginoon ay tuwinang namamatnubay sa Papa at  
nagliliigtas sa ano man niyang pagkakamali sa mga  
usaping pampananampalataya at moral.**

Kaya nga, nakalulungkot na may ilang mapagma-  
tuwid na Katolikong nangangahas manindigan sa mga  
larangang pandoktrina o moral na salungat sa turo ng  
Santo Papa. **Ang isang tunay na Katoliko ay dapat na  
maging tapat na tagasunod ng kataas-taasang Pastol  
na hinirang ni Hesus Kristo.** Dapat nating tandaang  
**kay Pedro (at hindi sa mga mananampalatayang  
indibiduwal) sinabi ni Hesus, “Ibibigay ko sa iyo  
ang mga susi ng kaharian ng langit.** Ang ipagbawal  
mo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at ang ipahintulot  
mo sa lupa ay ipahihintulot sa langit.” (*Mt 16:19*)

**Ang Santo Papa ang ating Amang espirituwal,  
ating “Maamong Kristo sa lupa,”** tulad ng taguri sa  
kanya ni St. Catherine ng Siena. Dapat natin siyang  
mahalin at ipagdasal. Napakabigat ng kanyang pa-  
sanin. Kailangan niya ang lahat ng tulong na maibibigay  
natin, at dasal ang isa sa pinakamabisang tulong na  
maibibigay ng buhay na pananalig at pusong nag-  
mamahal.



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: [www.wordandlife.org](http://www.wordandlife.org)

• E-mail: [marketing@wordandlife.org](mailto:marketing@wordandlife.org), [wordandlifepublications@gmail.com](mailto:wordandlifepublications@gmail.com) • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David, M. Navajas • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan